

Isa iyong boring na Criminal Law class at nagro-roll call ang professor. Iniisa-isa ng prof ang mga index cards at pinaghihiwalay ang mga estudyanteng absent sa present. As usual, graded recitation. Kung hindi nakapagbasa ng assignment, mas mabuti pang huwag nang magpakita sa klase sapagkat mapapahiya lang ang estudyante.

“Vincent Ramos,” tawag ng professor habang sinusuyod ng malalaking mata ang paligid.

“Absent,” sagot ng lalaking katabi ni Cassy. Hindi pamilyar sa kanya ang mabuhok na mukha nito.

Sa law school, parang kabute ang mga tao. Mayamaya andyan, mayamaya mawawala. Nobody keeps track of everybody. The professors do not keep track of their students. The students do not keep track of their classmates. So it was totally normal to be unfamiliar with the faces in the room, lalo na sa mga unang linggo ng klase dahil puwede pang umatras at mag-refund ng tuition fee.

“Cassandra Sanchez.”

“Present.”

“Hi, Cassandra,” nakangiting bati ng bagong seatmate niya.

“Hello. And you are...?” asked Cassy, smiling like a toothpaste commercial model to show that she was making an effort to be nice too.

“Vincent Ramos.”

Biglang nabura ang ngiti sa kanyang mukha.

“So hindi pala absent si Vincent Ramos.”

“Nope. He is very much present. Pero di siya ready for recitation so he had to pretend he’s absent,” bibung-bibong paliwanag ng lalaki.

“I see,” she commented, half-impressed and half-turned off with the boy’s guts. Hindi rin siya handa para sa recitation, ngunit sa palagay niya ay hindi iyon rason upang magsinungaling na maging siya ay wala sa klase.

Ngumisi lang si Vincent na mukhang tuwang-tuwa sa munting kalokohan nito.

Natapos ang klase na parang nasalanta ang mukha ng mga estudyante. Marami sa kanila ang natulala sa mapanira-ulong mga tanong ng professor. Isa si Cassy sa kanila. Napatingala na lang siya sa kisame nang ipina-enumerate ng prof ang lahat ng mga crimes against persons and properties sa Revised Penal Code ng Pilipinas pati ang gist ng requisites ng mga ito.

Habang inililigpit niya ang kanyang mga gamit, hiniritan siya ni Vincent ng, “Your recit was terrible, Cassy. Dapat kasi nagpa-absent ka na lang.”

*Cassy? So nickname basis na tayo ngayon?* iritang sabat ng internal self niya.

“Concerned ka ba o nang-aasar lang?”

“As my new friend, of course kahit pa’no may concern na ako sa ’yo,” nakangiting turan nito.

“Di ako nakikipagkaibigan sa mga sinungaling.” *At mga preskyong orangutan na katulad mo*, dugtong niya sa sarili.

“Ouch! Are you sure about that? Alam mo, you can never be a good lawyer if you are not a good liar. That’s why they rhyme—liar, lawyer.”

“So are you saying I’ll be a bad lawyer?”

“Oo! Tingnan mo’t napahamak ka sa recit. Kapag di mo tinigilan ang pagiging naïve mo, mas marami pang malalang bagay na p’wedeng mangyari sa ’yo sa labas ng law school. It’s a big wild world out there. And you have to believe me because I’m a lot older than you. How old are you again?”

“Twenty-one.”

“Wow! What are you doing in law school at twenty-one? This place will kill you young. Law school is a death trap. Zombie factory. Zero life.”

“So bakit ka ’andito?”

“I wanna die at twenty-eight,” joked Vince, but there was something in his big black eyes that told Cassy he sort of meant it.

“You’re joking, right?” she wanted to confirm.

Napatawa ito nang malakas. “I’m not. Dadalaw ka sa burol ko, ha!” tudyong nito.

But she was not the slightest bit amused by his warped sense of humor.

“Don’t joke about death. It’s not funny,” she snapped at his laughing face.

Kaagad tumigil sa pagtawa si Vince. Manghang napatitig ito sa kanya.

“You’re so serious. Chill.”

“Eh, kasi sinungaling ka na nga, pang-tanga pa ’yung mga joke mo.”

“Ouch! Okay, sige, sorry na.”

“Whatever.”

Nagsimula nang maglakad si Cassy palabas ng classroom. Kaagad siyang inunahan ni Vince at pinagbuksan ng pinto.

“Can I walk with you?” paalam nito habang tinatahak nila ang makipot na corridor na punung-puno ng mga estudyante at professors.

Hindi siya sumagot, nag-iisip kung paano bubugawin ang masamang ispiritung umaaligid sa kanya in a diplomatic way. Vince, on the other hand, took her silence as yes so he continued walking snugly beside her.